nystateofhealth
The Official Health Plan Marketplace

MADALING KATOTOHANAN SA

Seguro ng Kalusugan para sa mga Dayuhan

Ang NY State of Health ay isang online na pamilihan para sa mga plano ng kalusugan. Dapat pumunta ang lahat sa Pamilihan upang tingnan kung ano ang maiaalok nito

Hindi isinasaalang-alang kung saan ka ipinanganak. Maari kang tulungan ng NY State of Health.

Narito ang 4 mahalagang mga bagay na dapat mong malaman tungkol sa NY State of Health

1 Ang mga katotohanang ibibigay mo sa amin ay hindi ibabahagi

Ang sasabihin mo sa NY State of Health at sa mga tagapayo nito ay pribado. Ang katotohanang ibibigay mo sa amin upang magpatala sa isang plano ng kalusugan ay hindi ibabahagi kaninoman. At hindi sila gagamitin sa anumang ibang layunin.

2 Makakakuha ka ng tulong kahit paano ka o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay nakapunta sa bansang ito

Kahit na wala kang mga papeles ng imigrasyon, o kung ang mga miyembro ng iyong pamilya ay dumating sa bansang ito sa iba't ibang paraan, kailangan mo lamang punan ang ISANG APLIKASYON para sa lahat. At, kahit na ano ang iyong estado, maari ka pa ring kumuha ng emerhensiyang Medicaid at karaniwang sakop ng kalusugan para sa iyong mga anak (Child Health Plus).

3 Makakakuha ka ng tulong sa maraming wika

- Nagsasalita ng maraming wika ang mga taong sumasagot sa aming mga telepono. Kung hindi sila makapagsalita sa iyong wika, kukuha sila ng tagapagsalin.
- Mayroon kaming sinanay na mga tao sa iyong komunidad na nagsasalita sa iyong wika. Kung gusto mo, maari din silang pumunta kung saan ka nakatira o nagtatrabaho.

4 Makakakuha ka ng tulong sa maraming paraan

Maari kang makahananp ng tulong sa online, sa telepono o personal sa iyong komunidad. Tutulungan ka ng aming sinanay na tagapayo sa bawat hakbang ng pagpili at pagpapatala sa isang plano ng kalusugan.

- **Online sa nystateofhealth.ny.gov**
- **Sa pamamagtan ng telepono sa 1-855-355-5777, TTY: 1-800-662-1220**

Online sa nystateofhealth.ny.gov

Sa pamamagitan ng telepono sa 1-855-355-5777

TTY 1-800-662-1220